

Sentro ng Pagbawi sa Sakuna Bukas sa Charlotte County

Release Date: Oktubre 17, 2024

TALLAHASSEE, Fla. – Binuksan ng FEMA ang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna sa Charlotte County upang magbigay ng para-sa-bawat-isang tulong sa mga Floridians na naapektuhan ng Bagyong Helene at Bagyong Milton. Ang mga nakaligtas sa alinmang mga bagyo ay maaaring bumisita sa alinmang sentro.

Hindi kailangang bumisita sa isang sentro ang mga nakaligtas para mag-apply sa tulong. Hinihikayat ang mga nakaligtas na mag-apply sa online sa [DisasterAssistance.gov](https://www.disasterassistance.gov) o sa pamamagitan ng pag-download ng [FEMA App](#). Hindi namamahagi ng pera ang FEMA sa Mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna (Disaster Recovery Centers).

Lugar ng Sentro:

Charlotte County

South County Regional Park

670 Cooper St.

Punta Gorda, FL 33950

Mga Oras: 7 a.m.–7 p.m. Lunes-Linggo

Para humanap ng iba pang mga lugar ng sentro pumunta sa [fema.gov/drc](https://www.fema.gov/drc) o mag-text ng “DRC” at ang Zip Code sa 43362. Lahat ng mga sentro ay maa-access ng mga tao na may kapansanan o mga pangangailangan sa access at pagsagawa at nilagyan ng pantulong na teknolohiya (assistive technology).

Ang mga may-ari ng bahay at mga nangungupahan ay hinihikayat na mag-apply sa online sa [DisasterAssistance.gov](https://www.disasterassistance.gov) o sa pamamagitan ng paggamit ng [FEMA App](#). Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng telepono sa **800-621-3362**. Kung pinili mong mag-apply sa pamamagitan ng telepono, mangyaring maunawaan na ang panahon ng paghihintay ay maaaring matagal dahil sa mataas na dami ng maraming mga sakunang nangyari kamakailan. Ang mga linya ay bukas araw-araw at ang tulong ay makukuha sa karamihan sa mga wika. Kung



FEMA

Page 1 of 2

gumagamit ka ng isang relay service, teleponong may caption o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para sa makukuhang video kung paano mag-apply para sa tulong pumunta sa [FEMA Accessible: Applying for Individual Assistance - YouTube](#).

Kung nag-apply ka sa FEMA pagkatapos ng Bagyong Helene at mayroong karagdagang pinsala mula sa Bagyong Milton, kailangan mong mag-apply nang hiwalay para sa Milton at magbigay ng mga petsa ng iyong pinakabagong pinsala.

Para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa pagbawi sa Bagyong Milton, bumisita sa fema.gov/disaster/4834. Para sa impormasyon sa pagbawi sa Bagyong Helene, bumisita sa fema.gov/disaster/4828. Sundan ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4 o sa Facebook sa facebook.com/fema.



FEMA

Page 2 of 2